# Balada ng Bilanggo

DEXTER B. CAYANES

Namasdan ko ang buwan
Isang gabing basag
Ang bungo't nakabilanggo
Sa rehas na bakal
Ng aking bintana.
Tilamsik ng dugo ang mga bituin
Sa kalawakan
At di tumitinag ang mga kalapati
Sa tinik at bubog ng matayog
Na bakod.
Isang panauhin
Ang ulilang gamugamo
Na naghatid ng mga alaala
Ng aking kabataan. Sa mga kalsada,
Tolda ng pabrika, buntonghininga
Sa bukid, gubat, at dagat, sumumpa ako
Ng aking paglaya, at ako'y lumaya—
Malaya nang namasdan ko
Ang buwan isang gabing
Basag ang bungo't nakabilanggo
Sa rehas na bakal ng aking bintana.